Balitang CIBAC

Volume VIII, No. 2

July 2024 - March 2025

# BRO. EDDIE VILLANUEVA, PINANGUNAHAN MULING PAGLAHOK NG CIBAC SA 2025 ELEKSYON

## Mga nasa loob:

**Pagtuturo ng ‘Ten Commandments’ sa mga paaralan, isinulong** - *page 2*

**Comprehensive Sexuality Education (CSE), tinutulan** - *page 3*

**US President Trump, malugod na binati ni CIBAC Rep. Bro. Eddie** - *page 4*

**Panukalang tuluyang magbabawal sa POGO at e-sabong, pasado sa Kamara** - *page 5*

**Implementasyon ng Anti-Corruption Month law, pinasisilip** - *page 5*

**CIBAC Rep. Bro. Eddie, ginawaran ng dalawang “Outstanding Public Servant” Awards** - *page 6*

**Naaaksayang medical supplies, pinaiimbestigahan** - *page 7*



*Pinangunahan ni Congressman Bro. Eddie Villanueva ang pagpa-file of certificate of candidacy ng CIBAC Party-List sa 2025 eleksyon.*

**Oktubre 2024** – Pinangunahan ni Congressman Bro. Eddie Villaneva, bilang 1st nomnee ng CIBAC Party-List, ang pagpa-file ng certificate of candidacy at paglahok sa darating na eleksyon 2025.

Kasama sina former CIBAC Representative Domeng Rivera at Atty. Cathy Valencia bilang 2nd at 3rd nominees, sinabi ni Rep. Villanueva na itutuloy ng CIBAC ang laban kontra korapsyon dahil ito ang ugat ng kahirapan sa bansa.

*“Dahil sa korapsyon, milyun-milyong mahihirap na Pilipino din ang nawawalan ng serbisyong dapat ay para sa kanila,”* saad ni Congressman Villanueva.

Kung muling maihahalal, kabilang sa mga muling isusulong ng CIBAC ay ang Freedom of Information (FOI) at ang panukalag batas na magpapataw ng death penalty para sa mga mapapatunayang nagnakaw ng P100 milyong halaga ng pondo ng bayan.

Mula 2001, ang CIBAC ay nakapagsulong na ng mahigit 220 batas kabilang ang Anti-Money Laundering Law, Government Procurement Law, Anti-Red Tape Law, Anti-Corruption Month Law, Ease of Doing Business Law, GMRC Law, Doktor Para sa Bayan Law, at ang Trabaho Para sa Bayan Act.

*“Sa tulong ng Diyos at ng sambayanang Pilipino, maaari pong malutas ang problemang ito ng korapsyon kung tayo ay sama-samang lalaban dito,”* pagtatapos ni Congressman Bro. Eddie.❖



# PAGTUTURO NG 'TEN COMMANDMENTS' SA PAARALAN, ISINULONG NG CIBAC PARTY-LIST



**Enero 2025** – Sa pagdiriwang ng National Bible Day ngayong taon, inihain ni CIBAC Party-List Representative Bro. Eddie Villanueva ang House Bill 11399 na naglalayong isama ang pagtuturo ng 'Ten Commandments' sa subject na Good Manners and Right Conduct (GMRC) at Values Education (VE).

Sa ilalim ng House Bill 11399, ipinapanukala ang pagpapaskil ng Ten Commandments sa bawat silid-aralan sa lahat ng paaralan upang magsilbing paalala sa mga kabataan ng kahalagan ng pananampalataya, pagmamahal sa pamilya, pagrespeto sa buhay, at pamumuhay nang may integridad.

*"Ang Ten Commandments ay hindi lang isang panrelihiyon, ito ay isang dokumento sekular na naging basehan ng mga batas at sistemang legal sa modernong mundo ngayon. Naniniwala tayo na sa pagtuturo ng Sampung Utos sa ating mga mag-aaral, matutupad natin ang mandato ng Konstitusyon na itaguyod at protektahan ang spiritual at moral well-being ng kabataang Pilipino,"* pahayag ni Rep. Villanueva.


*"Ang pananampalataya sa Diyos ay isa sa mga pangunahing values ng mga Pilipino, at ang pagtuturo nito ay hindi salungat sa polisiya ng gobyerno dahil mismong ang Preamble ng ating Saligang Batas ang nagsabing tayo ay isang bansang naniniwala sa Makapangyarihang Diyos. Kung kaya, ang panukalang ito ay hindi tungkol sa pagtatatag ng relihiyon kundi isang pamamaraan upang linangin at patibayin ang etikal at moral na karakter ng ating mga kabataan,"* dagdag pa ni Rep. Villanueva.

Ani Villanueva, kapag ang mga kabataan ay naturuan ng mga prinsipyo at integridad na batay sa pananampalataya at pagkatakot sa Diyos, ito ay magiging magandang panimula upang maitaguyod ang kultura ng katapatan sa ating bayan na susi upang malabanan ang katiwalian sa pamahalaan.

Binanggit din ni Rep. Villanueva na ang panukalang ito ay isang *proactive strategy* upang labanan mga *woke ideologies* na kumakalat sa social media at humihikayat sa mga kabataan na talikuran ang mga values natin na nagpapahalaga sa Diyos, sa pamilya at buhay.

*"Ang Salita ng Diyos ay pag-asa para sa ating bansa. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng Sampung Utos sa ating mga kabataan, maiwasan na natin ang iba't ibang moral, panlipunan, at politikal na problema na maaaring dumating sa ating bayan sa hinaharap,"* pagtatapos ni Rep. Bro. Eddie.

Alinsunod sa Republic Act 11163 o ang National Bible Day lawna isinulong ng CIBAC, ang huling Lunes ng buwan ng Enero bawat taon ay idineklara bilang National Bible Day. ❖



Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES

Quezon City
NINETEENTH CONGRESS
Third Regular Session

HOUSE BILL NO. 11339

Introduced by CIBAC Party-List Representative
EDUARDO "BRO. EDDIE" C. VILLANUEVA

AN ACT INTEGRATING THE TEN COMMANDMENTS INTO THE GOOD MANNERS AND RIGHT CONDUCT AND/OR VALUES EDUCATION SUBJECT, MANDATING ITS DISPLAY IN EVERY CLASSROOM IN ALL SCHOOLS IN THE COUNTRY, AND FOR OTHER PURPOSES

*Be it enacted by the Senate and House of Representatives of the Philippines in Congress assembled:*

SECTION 1. *Short Title* - This Act shall be known as the "Ten Commandments in Schools Act."

# MAPANLINLANG NA COMPREHENSIVE SEXUALITY EDUCATION (CSE), MARIING TINUTULAN NI CIBAC REP. BRO. EDDIE VILLANUEVA



**Enero 2025** – Mariing tinutulan ni CIBAC Representative Bro. Eddie Villanueva ang pagtuturo ng Comprehensive Sexuality Education (CSE) Program sa mga paaralan sa bansa.

Alin sunod sa  ng Department of Education (DepEd) Order No. 031 series of 2018, ituturo ang CSE sa lahat ng antas ng paaralan upang solusyunan umano ang problema *teen pregnancies* sa bansa.

Ani Rep. Villanueva, mapalinlang ang CSE dahil hindi nito layuning tugunan ang problema ng *teen pregnancies,* ang nais nito ay ang pagtuturo ng mga maseselang paksa sa mga estudyante simula Grade 1 kung saan ang mga mag-aaral ay may edad na 6 na taong gulang pa lang.

*"Papayag ka ba na ituro sa musmos na anak o apo mo ang maseselang bagay tungkol sa sex, porn literacy, masturbation, oral sex, at anal sex? Walang matinong magulang ang papayag nito. Pero sa CSE, mapipilitan ang mga magulang na ipagkatiwala na lang sa mga taong hindi nila kilala ang pagtuturo ng maseselang paksa tungkol sa sex sa kanilang inosenteng mga anak,"* ani Bro. Eddie.

Ayon sa mambabatas ng CIBAC, ang CSE ay ay magdudulot sa mga bata ng maagang sexualization, maling pagkaunawa sa konsepto ng kahinhinan at modesty, at pagkawala ng pagpapahalaga sa chastity, respeto, at disiplina na pinapahalagahan natin bilang mga Pilipino.

Dagdag pa ni Bro. Eddie, tatapakan ng CSE ang karapatan ng mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak nang naaayon sa moral at kultural na pamantayan ng ating lipunan. Mariing pinaalala ni Villanueva na ang mga magulang ang may pangunahing karapatan at responsibilidad na gabayan ang kanilang mga anak sa usapin ng sekswalidad.

*"Ang mga sex education programs ay kailangang lapatan ng ibayong pag-iingat. Maselan ito, at delikado, dahil hindi lahat ng guro ay may takot sa Diyos. May ilan na maaaring mag-abuso ng kanilang posisyon at samantalahin ang kawalang malay ng mga estudyante sa proseso ng pagtuturo ng CSE,"* dagdag pa ni Bro. Eddie.

Dahil dito, nanawagan si Bro. Eddie sa Kongreso na ibasura ang Senate Bill 1979 at House Bill 8910 na layong isabatas ang CSE program.

*"Nananawagan po tayo sa Kongreso ng Pilipinas, lalo na sa mga Mambabatas na ipinagpipilitan ang CSE na ito, maawa naman po kayo sa kabataang Pilipino. Kung gusto ninyo silang tulungan makaiwas sa teen pregnancy, mas pagbutihin natin ang pagtuturo ng moralidad sa mga paaralan. Mas pagtuunan natin ng pansin ang pag-develop ng curriculum at learning materials patungkol sa Values Education at Good Manners and Right Conduct o GMRC na isinabatas ng CIBAC Partylist. Maraming paraan para tulungan ang mga kabataan pero ang CSE ay hindi isa sa mga paraang ito,"* pagwawakas ni Rep. Villanueva. ❖

# MULING PAGBABALIK NI TRUMP BILANG PANGULO NG AMERIKA, MALUGOD NA TINANGGAP NI CIBAC REP. BRO. EDDIE VILLANUEVA



**Enero 2025** – Nagpaabot ng mainit na pagbati si CIBAC Party-List Representative Bro. Eddie Villanueva kay Donald J. Trump sa inagurasyon nito bilang ika-47 na Pangulo ng Estados Unidos.

Ani Rep. Villanueva, kalakip ng pag-upo ni Trump sa White House ay ang mataas na pag-asa na kanyang maibabalik ang moralidad, pananampalataya at malalim na pagpapahalaga sa Diyos, hindi lamang sa Amerika kundi sa buong mundo.

Partikular na ikinalugod ni Rep. Villanueva ang polisiya ni Pangulong Trump na kikilalanin lamang ng kanyang administrasyon ang lalaki at babae bilang dalawang (2) opisyal na kasarian, isang hakbang na magwawakas sa mga *woke policies* at *multi-gender ideologies.*

*"Ang polisiyang ito ni Pangulong muling magbabalik ng kaayusan sa lipunan sa Amerika, na nalito at nagulo ng mga woke ideologies. Maililigtas nito ang maraming kabataang nalilinlang na mag-transition o magpalit ng kasarian dahil sa mga kasinungalingang ikinakalat sa mga paaralan at media na marami umanong kasarian ang isang tao,"* ani Villanueva.

*"Tunay na kagalakan na makita na ang umuupo sa pinakamakapangyarihang posisyon sa Amerika, kung hindi man sa buong mundo, ay kumikilala sa soberanya ng Diyos. Wala kaming hangad para kay Pangulong Trump kundi ang taos-pusong panalangin na ipagkaloob sa kanya ng Diyos ang karunungan, lakas, at gabay habang ginagampanan niya ang mahalagang papel na ito. Dala niya ang responsibilidad hindi lamang sa mamamayang Amerikano upang gawing dakila muli ang Amerika, kundi pati na rin sa pandaigdigang komunidad upang itaguyod ang mga pagpapahalagang nakaugat sa Salita ng Diyos,"* ani Villanueva.



Inihayag din ni Rep. Villanueva ang panalangin na nawa ay mas lalong mapalakas ni Pangulong Trump ang matagal nang pagkakaibigan ng Estados Unidos at ng Pilipinas.

*"Ang Estados Unidos ay matagal nang katuwang ng Pilipinas sa ugnayang kalakalan, seguridad, at kaunlaran. Umaasa tayo na sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Trump, mas lalong mapapa-igting ang kooperasyon ng dalawang bansa hindi lamang sa mga larangan ng materyal na benepisyo kundi pati na rin sa pagsusulong ng mga democratic at moral values,"* ayon sa mambabatas ng CIBAC.

*"Nawa'y patnubayan ng Diyos ang kanyang mga hakbang at gamitin siya ng Panginoon upang isulong ang mabuting pamamahala sa Amerika at maging sa buong mundo. Tulad ng nasusulat sa Kawikaan 9:10, 'Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan,' nawa'y ang kanyang pananampalataya ang maghatid sa kanya sa mga matatalino at matuwid na desisyon na magpapabuti hindi lamang sa mamamayang Amerikano kundi pati na rin sa buong mundo,"* pagtatapos ni Villanueva.❖

# MGA PANUKALANG TULUYANG NAGBABAWAL SA POGO AT E-SABONG, NAIPASA NG CIBAC SA KAMARA

**Pebrero 2025** – Bago magtapos ang sesyon nitong Pebrero, inaprubahan ng House of Representatives sa 2nd reading ang dalawang (2) panukalang batas ng CIBAC Party-List na naglalayong tuluyang ipagbawal ang operasyon ng e-sabong at Philippine Offshore Gaming Operations (POGO) sa bansa.



**Kontra E-Sabong**

Nitong ika-3 ng Pebrero 2025, inaprubahan sa plenaryo ng Kamara ang House Bill 10307 na iniakda ni CIBAC Rep. Bro. Eddie Villanueva na naglalayong ipagbawal at parusahan ang anumang operasyon ng e-sabong sa Pilipinas. Ipinagbabawal nito ang *online, remote,* o *off-site* na pagtaya sa mga sabong na nila-livestream mula sa iba't ibang mga sabungan.

*"Ang e-sabong ay sumira na ng napakaraming buhay at pamilya dahil sa nakakaadik nitong katangian. Ito ay isang uri ng sugal na lubhang nagpapalaganap ng kasakiman, pagkagumon, pagkaka-utang, at mga krimen na nagiging sagabal sa plano ng Diyos para sa atin,"* ani Rep. Bro. Eddie, ang may-akda ng HB 10307.

*"Ang pagsusugal, lalo na sa online, ay hindi lamang nakapipinsala sa indibidwal na buhay kundi nagdudulot din ng malaking banta sa moralidad ng lipunan. Sa halip na palaganapin ang get-rich-quick mentality, ang dapat ituro ng gobyerno sa mamamayan ay kahalagahan ng sipag, tiyaga, at pagpupursige sa buhay,"* dagdag pa ni Rep. Villanueva.

**Kontra POGO**

Samantala, inaprubahan din ng Kamara ang House Bill 10725 na inihain ni CIBAC Rep. Bro. Eddie na tuluyang magbabawal sa anumang operasyon ng POGO sa bansa.

*"Ang operasyon ng POGO sa Pilipinas ay napatunayang nagdudulot ng masamang epekto sa ating lipunan, kabilang na ang mga krimen tulad ng kidnapping, prostitusyon, human trafficking, droga, pandaraya, tax evasion, money laundering, korapsyon, at maging ang pagpatay. Ito ay hindi ayon sa kalooban ng Diyos at taliwas sa mga values nating mga Pilipino,"* pahayag ni Rep. Bro. Eddie.

Ayon sa mambabatas ng CIBAC, ang shutdown order na ibinigay ni Pangulong Bongbong Marcos noong nakaraang taon ay hindi sapat para sa pangmatagalang solusyon.

*"Sisiguraduhin ng isang legislative ban na hindi na basta makakabalik o makakapag-rebrand ang mga POGO kahit matapos ang kasalukuyang administrasyon. Ito ay ating pangkasalukuyang hakbang para protek-siyunan ang mga susunod na mga henerasyon,"* ani Rep. Villanueva.

**Panawagan sa Senado**

Ang House Bills 10307 at 10725 ay nakatakdang aprubahan ng Kamara sa *final reading* pagbalik ng sesyon sa buwan ng Mayo 2025. Nananawagan naman si CIBAC Rep. Bro Eddie sa Senado na agaran nang ipasa ang kanilang counterpart bills upang madala na sa tanggapan ni Pangulong Marcos, mapirmahan at maging batas bago magtapos ng 19th Congress sa Hulyo 2025. ❖

# IMPLEMENTASYON NG ANTI-CORRUPTION MONTH LAW, PINASISILIP NG CIBAC




**Disyembre 2024** – Nanawagan si CIBAC Rep. Bro. Eddie Villanueva ng masusing pagsilip at pag-aaral kung epektibo bang nai-implementa ng pamahalaan at kung tumatalima ba ang mga ahensya nito sa mga itinatadhana ng Republic Act 10589 o ang Anti-Corruption Month Law.

Ang RA 10589 ay isang batas na isinulong ng CIBAC Party-List noong 2013. Idinedeklara nito ang buwan ng Disyembre bilang Anti-Corruption Month at inaatasan ang lahat ng tanggapan at ahensya ng pamahalaan na magsagawa ng mga activities na magpapataas ng awareness ng mga Pilipino sa masamang epekto ng korapsyon at kung paano ito malalabanan.

*"Mahigit isang dekada na po mula nang maisabatas ang Anti-Corruption*

*- see page 7*

# TATLONG "OUTSTANDING PUBLIC SERVANT" AWARDS, IGINAWAD KAY CIBAC REP. BRO. EDDIE VILLANUEVA




**Oktubre 2024** – Bago tuluyang magtapos ang taong 2024, patuloy na kinilala ang natatanging serbisyo-publiko ni CIBAC Party-List Representative Bro. Eddie Villanueva matapos siyang gawaran ng tatlong "*Outstanding Public Servant*" awards mula sa Public Attorney's Office (PAO), Philippine Finest Business Awards.

**Parangal mula sa PAO**
Noong Oktubre 21 2024, ginawaran si Rep. Bro. Eddie ng parangal na *"Outstanding Public Servant"* sa ginanap na PAO Oath-Taking and Orientation Ceremony sa Bayview Park Hotel, Pasay City. Ang nasabing programa ay dinaluhan ng humigit-kumulang 330 na *newly-appointed at promoted* na kawani ng PAO.

Ayon sa PAO Program on Awards and Incentives for Service Excellence (PRAISE) Committee, ang parangal ay pagkilala sa kahusayan ni Rep. Bro. Eddie sa serbisyo-publiko at sa kanyang suporta sa mandato ng PAO na magbigay ng free legal assistance at magsulong ng social justice sa bansa.

**Parangal mula sa Philippine Finest Business Awards**
Samantala, noong ika-8 ng Setyembre, 2024, pinarangalan din si Rep. Bro. Eddie bilang "*Most Outstanding Public Servant*" sa 2nd Philippine Finest Business Awards and Outstanding Achievers Night na ginanap sa Hexagon Events Place, Quezon City.

Kinilala si Rep. Bro. Eddie dahil sa kanyang mga panukalang batas na naglalayong protektahan ang mga *micro-businesses* sa Pilipinas, gayundin sa kanyang integridad at ethical and moral leadership na nagsisilbing inspirasyon para sa mga negosyanteng Pilipino.

**Freedom of Information Champion**
Noong Nobyembre 2024, pinangaralan din si CIBAC Rep. Bro. Eddie, bilang Freedom of Information (FOI) champion sa kanyang pagiging consistent author at taga-pagsulong ng Freedom of Information Bill sa Kongreso.


Ang nasabing parangal ay ginawad ng Presidential Communications Office (PCO) kay CIBAC Rep. Bro. Eddie bilang pasasalamat at pagkilala sa kanyang adbokasiya na gawing transparent at accesible sa mga mamamayan ang mga dokumento at impormasyon ng pamahalaan. Ito ay upang maiwasan ang korapsyon sa gobyerno.

*"Isang malaking karangalan po na kilalanin ng mga public lawyers, business sector, at ng mga FOI advocates ang ating adbokasiya para sa mabuting pamamahala. Ang mga parangal na ito magsisilbing inspirasyon upang mas lalo nating itaguyod ang moralidad, katarungan, at kabuhayan ng ating mga kababayan. Sa Diyos ang lahat ng papuri at karangalan!"* pagtatapos ni Rep. Bro. Eddie. ❖



# IMBESTIGASYON SA MGA NAAAKSAYANG MEDICAL SUPPLIES SA DOH, INIHAIN NG CIBAC

**Disyembre 2024** - Inihain ni CIBAC Party-List Rep. Bro. Eddie Villanueva ang House Resolution 2127 na nag-a-atas sa Kongreso na imbestigahan ang bilyun-bilyong halaga ng mga naaksayang gamot at medical supplies sa Department of Health (DOH), batay sa mga natuklasan ng Commission on Audit (COA).



Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES
Quezon City

NINETEENTH CONGRESS
Third Regular Session

RECEIVED
DATE December 10, 2024
TIME 4:20 pm
BY Tweety
BILLS AND INDEX SER

HOUSE RESOLUTION NO. 2127

Introduced by CIBAC Party-List Representative
EDUARDO "BRO. EDDIE" C. VILLANUEVA

RESOLUTION
DIRECTING THE APPROPRIATE COMMITTEE/S OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO CONDUCT AN INVESTIGATION, IN AID OF LEGISLATION, ON THE COMMISSION ON AUDIT'S (COA) REPORTS FLAGGING THE DEPARTMENT OF HEALTH (DOH) FOR OVER BILLIONS WORTH OF DRUGS, MEDICINES AND MEDICAL SUPPLIES WHICH WERE FOUND TO BE EXPIRED, NEARLY EXPIRED, DAMAGED, OVERSTOCKED, EXCESSIVE, SLOW-MOVING AND/OR UNDISTRIBUTED

**Whereas**, the Philippine Constitution mandates the State to ensure the transparent, accountable yet efficient use of public funds and provide accessible and high-quality health services to all citizens;

**Whereas**, the Commission on Audit (COA), in its annual audit reports for fiscal years 2021, 2022 and 2023, have flagged the Department of Health (DOH) for having billions worth of drugs, medicines and medical supplies (including COVID-19 vaccines) which were found to be expired, nearly expired, damaged, overstocked, excessive, overstocked, slow-moving and/or undistributed, *(see table below)*;

| *Year* | *Total value of drugs, medicines and medical supplies found to be expired, nearly expired, damaged, etc.* |
|---|---|
| 2021 | ₱ 85,213,729.61[1] |
| 2022 | ₱ 7,430,901,73734[2] |
| 2023 | ₱ 11,186,368,902.4[3] |

*Source: Commission on Audit Annual Audit Reports (2021-2023)*

Ayon sa mga ulat ng COA, P85 milyon, P7 bilyon, at P11 bilyon na halaga ng mga gamot at medical supplies ang natuklasang expired, nearly expired, damaged, overstocked, excessive, slow-moving and/or undistributed para sa mga taong 2021, 2022, at 2023.

Ayon sa COA, kabilang sa mga dahilan kung bakit nagkaroon ng ganitong aksaya ay ang *"deficient/inadequate procurement planning, poor distribution and monitoring systems and weak internal control."* Dahil dito, nanawagan si CIBAC Rep. Bro. Eddie na imbestigahan at tukuyin ang mga kinakailangang hakbang upang matiyak ang pananagutan at maiwasan ang patuloy na pag-aaksaya ng pondo ng bayan.

*"Sadyang nakakabahala ang lumalaking halaga ng mga hindi nagamit na medical supplies sa mga nakaraang taon. Habang milyun-milyong Pilipino ang nahihirapang makakuha ng abot-kayang gamot at serbisyong pangkalusugan, bilyun-bilyong pondo naman ang nasasayang dahil sa kapabayaan. Sa harap ng limitadong pondo ng bayan, hindi natin matatanggap at ipagsasa-walang bahala ang ganitong kapabayaan,"* pahayag ni Rep. Villanueva.

Binanggit din ng Kinatawan ng CIBAC na sa kabila ng mga nakakabahalang ulat na ito, tumaas pa ang badyet para sa pagbili ng gamot. Para sa taong 2025, may nakalaang P44 bilyon para sa *Purchase and Allocation of Drugs, Medicines and Vaccines* sa ilalim ng DOH.

"*Ang mga programa at pondo para sa kalusugan ay direktang nakaka-apekto sa buhay ng mga Pilipino. Ang bawat pisong nasasayang dahil sa inefficiency ay pisong ninanakaw mula sa mga Pilipinong umaasa sa serbisyong pangkalusugan ng gobyerno. Marapat lang nating gawing prayoridad na matiyak ang responsableng paggamit ng pondo sa sektor ng kalusugan upang masigurado na ang bawat pisong inilalaan dito ay tunay na napapakinabangan ng sambayanang Pilipino,"* pagtatapos ni Villanueva.❖

## Anti-Corruption Month...

*- from page 5*

*Month law, at nais nating alamin kung ito ba ay nasusunod at kung gaano kabisa ang mga isinasagawang aktibidad kontra katiwalian. Kailangang tiyakin na ang layunin ng batas ay natutupad upang mapababa ang korapsyon sa ating bayan,"* ani Rep. Villanueva.

Binigyang-diin ni Rep. Villanueva ang kahalagahan na malaman kung gaano sine-seryoso ng mga government agencies ang mandato ng Anti-Corruption Month law para malaman din kung sinu-sino ang hindi nagpapatupad nito at mabigyan ng kaukulang aksyon.

*"Kung nais nating gawing kultura ang integridad at accountability, dapat nating tiyakin na ang bawat aktibidad tuwing Anti-Corruption Month ay hindi lamang palamuti kundi tunay na nakakaapekto sa pananaw at ugali ng ating mga kababayan,"* ani ni Rep. Villanueva.

Ayon kay Villanueva, ang patuloy na pagsilip sa compliance ng mga government agencies sa mandato ng Anti-Corruption Month law ang isa sa pangunahing gagawin ng CIBAC kung muling maihalal sa darating 2025 eleksyon. ❖




# LUMALABAN sa POGO at E-Sabong

# Mahigit 220 BATAS na ang mga nagawa

- Anti-Money Laundering Law
- Government Procurement Reform Law
- Anti-Red Tape Law
- Ease of Doing Business Law
- Anti-Corruption Month Law
- GMRC and Values Education Law




Scan the QR Code for the digital copy of this Balitang CIBAC issue.


Ang Balitang CIBAC ay opisyal na publication ng Citizens' Battle Against Corruption (CIBAC) Party-List, sa pamamagitan ng CIBAC Media Department. Ito ay inilalathala ng Mandate Publications.


Para sa inyo pong katanungan, komento o mungkahi, maaari po kayong makipag-ugnayan sa CIBAC Party-List sa pamamagitan ng mga sumusunod:


**Room 317, North Wing Building,**
**House of Representatives, Batasan Hills, Quezon City**
**(02) 8931-5442 / (02) 8931-5001 local 7356**



Production in whole or in part without CIBAC's written permission is strictly prohibited. Although due reasonable care has been taken to ensure accuracy and objectivity of information provided here, CIBAC will not be held liable for any error, omission or any action taken as a result of views or opinions declared in Balitang CIBAC.